COUNTY NG SAN DIEGO

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-27 ng Enero, 2025

## IPINADALA NA ANG MGA POSTKARD SA MGA REHISTRADONG BOTANTE PARA SA ESPESYAL NA PRIMARYANG ELEKSYON SA UNANG DISTRITO

Mahigit sa 376,000 na mga postkard ay ipapadala na sa mga rehistradong botante para sa Unang Superbisoryal na Distrito ng County ng San Diego na naglilista ng kanilang mga opsyon sa pagboto para sa Ika-8 ng Abril na espesyal na primaryang eleksyon.

Ang taong naiboto ay ang magpupuno sa bakanteng puwesto ng distrito para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2029. Kung walang kandidato ang makakatanggap ng mayoryang boto sa eleksyon sa Ika-8 ng Abril, ang nangungunang dalawang makakakuha-ng-pinakamaraming-boto ay magpapatuloy sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-1 ng Hulyo, 2025. Ang mga nakatira lamang sa distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon.

Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Karagatang Pasipiko sa kanluran (west), hanggang sa kabundukan ng Otay at San Miguel sa Silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa international border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, kasama ang ng Barrio Logan, East Village, Golden Hill at higit pa. Kasama rin dito ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, at La Presa.

Kung hindi sigurado na nakatira kayo sa Distrito 1, maaari ninyong tingnan sa sdvote.com.

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-10 ng Marso sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego. Ang pagboto sa Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes. Subalit, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na gamiting mabuti ang benepisyo ng kaginhawaan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Maaari kayong bumoto mula sa inyong tahanan at ibalik ang inyong binotohang balota sa koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa alinmang 26 na mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro na matatagpuan sa buong distrito simula Martes, Ika-11 ng Marso hanggang sa Araw ng Eleksyon.

Kung nais ninyong bumoto nang personal, maaaring maiwasan ang mga pila sa pamamagitan ng mabuting paggamit sa benepisyo ng maagang pagboto. Simula Sabado, Ika-29 ng Marso, pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon

hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes, Ika-8 ng Abril, kung saan magbubukas ang 13 na mga vote center mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Distrito 1 na espesyal na primaryang eleksyon sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER